

# HANBUK SA PAGSASANAY

TAGALOG

Primary ITO
Rōpū Whakangungu Ahuwhenua Ahumahi

# Mga Nilalaman








**PANGKALAHATANG IMPORMASYON 4**

Kasunduan ng Iyong Pagsasanay **4**
Mga Pag-apprentice sa NZ **5**
Ang iyong estado sa pagsasanay at pag-apprentice **6**
Mga detalye ng kontak ng iyong pinagtatrabahuhan at ng iyong sarili **6**
Mga work visa **8**
Gaano ito katagal? **9**
Magkano ito **9**
Pagbabayad ng halaga **10**
Mga atrasadong invoice **12**
Pag-aasal **12**
Kalusugan at kaligtasan **12**
Mga pag-withdraw, paglipat at pagsasauli ng bayad **13**

**KARAGDAGANG TULONG 14**

Mga magtuturo **14**
Dyslexia **14**
Pagtatasa ng kaalaman sa pagbasa at pagsulat **15**

**PAGKATUTO AT PAGTATASA NG PAGSASANAY SA INDUSTRIYA 16**

Mga tungkulin **16**
Pagtatasa **18**

**PATAKARAN SA PAGIGING PRIBADO 20**

Pangangalap at paggamit ng mga datos **20**
Pagtatasa ng kaalaman sa pagbasa, pagsulat at pagbilang **21**
Trabaho ng nagsasanay **21**




**ANG TUNGKOL SA AMIN** **22**

Ang aming mga kwalipikasyon **22**

Ang aming pangkat **22**





**FEEDBACK O MGA KOMENTO** **23**

Paano magbigay ng feedback **23**

Mga isyu o reklamo **23**


## MALIGAYANG PAGDATING SA PRIMARY ITO

Binabati ka namin sa iyong pagsisimula sa programa ng pagsasanay dito sa Primary ITO.

Inaasahan naming masisiyahan ka sa iyong programa at makikita mong ito ay tugma at kapaki-pakinabang sa iyong tungkulin at trabaho.

Nais ng pangkat ng Primary ITO na magtagumpay ka sa iyong mga mithiin.

Nakabalangkas sa hanbuk na ito ang aming mga patakaran at serbisyo. Ipinaliliwanag din dito kung papaano ang pag-aaral at pagtatasa sa pagsasanay sa industriya. Inaasahan naming ito ay makatutulong sa iyo.

# Kasunduan ng Iyong Pagsasanay

**Ang Kasunduan ng Pagsasanay ay isang ligal na dokumento na pinirmahan ng tatlong partido: ang iyong pinagtatrabahuhan, ang Tagapayo sa Pagsasanay ng Primary ITO at ikaw.**

1. Ikaw ay sumang-ayon na matutunan ang mga kinakailangang kakayahan sa trabaho, sumali sa pagsasanay at pagtatasa para sa programa sa abot ng iyong makakaya.
2. Sumang-ayon ang iyong taga-empleyo na magbigay ng pagsasanay sa trabaho, at payagan kang magsanay sa labas ng trabaho o mag-aral sa labas ng paaralan (distance learning). Ang iyong taga-empleyo ay sumang-ayon ring maglaan ng oras para sa pormal na pagtatasa ng iyong mga kakayahan.
3. Ang iyong Tagapayo sa Pagsasanay ay nangakong mag-aayos ng iyong pag-enrol at susuportahan ka at ang iyong taga-empleyo. Ang iyong Tagapayo sa Pagsasanay ay nariyan upang tulungan kang magtagumpay.

# Mga Pag-apprentice sa NZ

Kung ikaw ay isang Apprentice, kayo ng iyong taga-empleyo ay nakatayang tapusin ang ika-4 na Antas ng 2–3 taong pagsasanay. Ang Primary ITO ay lubusang tutulong sa iyo, at ito ay mayroong itinakdang layunin at pagrerepaso.

Ang iyong Plano ng Pagsasanay at mga Layunin ay pananatilihing angkop sa iyo. Tiyaking naintindihan mo ang mga kinakailangan ng Plano ng Pagsasanay at kung ano ang kailangan upang matagumpay mong matapos ito.

May alituntunin ng mabuting gawi para sa mga Pag-apprentice sa New Zealand. Kaagapay mo ang iyong Tagapayo sa Pagsasanay na pag-aralan ito. May mga kopya ng nasabing alituntunin saTEC website: http://www.tec.govt.nz/assets/Publications-and-others/The-code-of-good-practice-for-new-zealand-apprenticeships.pdf

**Maging determinado!**

Magkaroon ka ng hangaring tapusin ang iyong programa sa pagsasanay. Makakamit mo ang kwalipikasyon kung desidido kang matuto; ikaw ay mapagkakatiwalaan at isang propesyonal na kayang ipagmalaki ang kanyang trabaho.

# Ang iyong estado sa pagsasanay at pag-apprentice

Para makasali sa pagsasanay ng Primary ITO, kinakailangang ikaw ay may trabaho (o kontratista o kinikilalang volunteer) sa pangunahing sektor na industriya.

- Kung ikaw ay may sariling negosyo bilang kontratista, dapat ay may kasunduan kayo ng organisasyon tungkol sa pagtatrabaho (halimbawa ay ang ekslusibong kontrata ng serbisyo).
- Kung ikaw ay isang volunteer, dapat ay may kasunduan kayo ng iyong non-profit na organisasyon tungkol sa pagtatrabaho.
- Kung ikaw ay isang Apprentice, dapat na nananatili ka sa trabaho na iyong pinagsanayan.
- Kung ikaw ay migranteng may work visa, lahat ng mga petsa at detalye ay dapat pangkasalukuyan at hindi paso.

Kung nagbago ka ng trabaho o pinagtatrabahuhan, o kung umalis ka na sa pinagtatrabahuhan – ipaalam kaagad sa amin sa lalong madaling panahon! Maaari kang magpalit ng programa o ilipat ang iyong Kasunduan sa Pagsasanay sa bagong papasukan.

Ipaalam sa amin kung nagsimula ka na ng pagsasanay sa ibang provider – o mayroong tinatanggap na iba pang pagpopondo ng pamahalaan para sa pagsasanay – maaari rin itong makaapekto sa iyong pagiging karapat-dapat na magsanay sa ITO.

# Mga detalye ng kontak ng iyong pinagtatrabahuhan at ng iyong sarili

Siguraduhing up to date ang mga detalye ng kontak ng iyong sarili, at maging ng iyong pinagtatrabahuhan. Ipaalam sa Tagapayo sa Pagsasanay ang anumang pagbabago o tumawag sa 0800 20 80 20 para ibigay ang bagong impormasyon.



# Mga work visa

Kung may permiso kang makapagtrabaho sa NZ, titiyakin ng iyong Tagapayo sa Pagsasanay na matatapos mo ang programa bago pa mapaso ang iyong visa.

Ang Primary ITO ay palagiang magtse-tsek ng mga work visa at kokontakin ka para makatiyak na prinoproseso na ang pag-renew ng visa at/o aalamin ang iyong hangarin na manatili sa New Zealand.

Kung mapaso na ang iyong visa bago pa man matapos ang iyong programa, magwawakas din ang iyong Kasunduan sa Pagsasanay. Kung hinihintay mo naman ang pag-renew ng visa, ang Kasunduan sa Pagsasanay at maaaring maisantabi muna – kausapin mo ang iyong Tagapayo sa Pagsasanay.

### Mga aplikasyon sa pag-renew ng visa

Kung kailangan mo ng mga suportang katibayan sa aplikasyon sa pag-renew, makipag-usap sa iyong Tagapayo sa Pagsasanay o tumawag sa “Regional Coordinator” sa inyong lugar. Makatutulong kami gaya ng mga sumusunod na paraan:

- Kung natapos mo ang iyong programa at naghihintay ng sertipiko ng kwalipikasyon, ang Primary ITO ay maaaring magbigay ng sulat sa Immigration NZ. Nakasaad sa sulat na ang programa ay nakumpleto na sa aming sistema at naka-imprenta o hinihintay na lang ang resulta ng pagpapatunay ng NZQA.
- Kung hindi mo pa natapos ang iyong programa, maaari ka naming bigyan ng kopya ng iyong “NZQA Record of Achievement”, at makikita duon ang mga pamantayan ng unit (unit standards) na naibigay sa iyo.
- Kung ikaw ay nagsisikap para sa ika-3 Antas ng kwalipikasyon sa Agrikultura, maaari kaming magbigay ng sulat ukol sa iyong progreso – subalit dapat kang kasalukuyang naka-enrol sa programa at nabayaran ang lahat ng bayarin.

Mangyaring na ang mga resulta ng istandard na yunit ay hindi ipapasok sa aming sistema o hindi iuulat sa NZQA kung ang iyong visa, ay paso na.

# Gaano ito katagal?

Bawat programa ay may credit value na nagpapakita kung gaano karami ang matututunan at gaano katagal ang pag-aaral (kung ilang buwan). Ang itatagal nito ay kung gaano katagal kang naka-enrol at kailangan mong tapusin ang lahat ng pagtatasa sa panahong ito.

**Pagtatapos sa programa**

Ang iyong programa ay magtatapos sa sandaling nakumpleto at nakamit mo ang mga kinakailangan sa pagsasanay at mga resulta sa pagtatapos. Sa pagtatapos, tatanggap ka ng Sertipiko mula sa New Zealand. Ipadadala ito sa iyo nang walang karagdagang gastos.

Kung ikaw ay isang Apprentice, gagradweyt ka sa ika-4 na Antas matapos makumpleto ang 120 credit man lamang. Maaaring kasama sa iyong programa ng pag-apprentice ang New Zealand Sertipiko ng ika-3 Antas.

# Magkano ito

Nakasaad sa programa ng pag-aaral ang babayaran. Depende sa pinili mong programa, kasama sa bayad ang mga sumusunod:

- Mga materyal o libro sa pag-aaral
- Pagtuturo
- Mga Pagtatasa
- Mga pagpunta sa Lugar ng trabaho
- Pag-uulat ng iyong progreso.

# Pagbabayad ng halaga

May mga taga-empleyo na sasagutin ang lahat ng bayarin o bahagi lang nito; ang ibang taga-empleyo ay inaasahang ikaw mismo ang magbabayad; nakatala sa form para sa pag-enrol sa programa ang naging kasunduan ninyo. Ilalagay ang invoice sa pangalan ng taong sumang-ayon na sa kanya ipangalan ang invoice para sa pagsasanay na nasa form para sa pag-enrol sa programa.

**Paano magbayad**

- **Direct debit**
  Kumpletuhin ang permiso para sa direct debit (mula sa iyong Tagapayo sa Pagsasanay at sa website ng Primary ITO). Bukod sa bayad sa pagsasanay, may babayarang minsanan na $50.00 para sa pangangasiwa.
- **Internet banking**
  Primary ITO account: ASB 12-3192-0044043-01.
  Sagutan ang mga sumusunod:

| Mga Partikular | Code | Sanggunian |
|---|---|---|
| Pangalan ng kompanya o pangalan mo | Apelyido | Numero ng invoice ng Primary ITO |

- **Tseke**
  Dapat ibayad sa Primary ITO at ibigay sa Tagapayo sa Pagsasanay
  o ihulog sa: Primary ITO
  Finance Team
  PO Box 10-383
  The Terrace
  Wellington 6143
- **Credit Card**
  Ang Credit Card/Farmlands Card/CRT Card/RD-1 Card/Ruralco Card (dating ATS) Kukunin ng Tagapayo sa Pagsasanay ang iyong mga detalye.


Seedling Systems
PrimaryITO
KNOWLEDGE TO GROW

# Mga atrasadong invoice

Kung pinadalhan ka namin ng sulat na pinakahuling paalala para sa mga atrasadong bayarin, at hindi mo nabayaran sa loob ng 7 araw mula sa petsang nakasaad sa aming sulat, maaari detail naming ipasingil ang inutang. Makipag-ugnayan sa amin kung ikaw ay dumaranas ng kagipitan.

Ang mga resulta ay hindi iuulat sa NZQA at hindi tatanggapin ang pag-enrol sa susunod na programa hangga't hindi pa nakakabayad.

# Pag-aasal

Ang wastong pag-aasal sa pinagtatrabahuhan at sa anumang pagsasanay sa labas ng trabaho ay kailangan sa pagsali sa pagsasanay. Tatanggalin ka sa programa kapag ikaw ay nagdiskrimina ng kapwa, nag-siga-sigaan, nanggulo o nasa impluensya ng droga o alkohol.

# Kalusugan at kaligtasan

Hinihikayat ng Primary ITO ang kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho. Ang aming mga programa sa pagsasanay ay dinisenyo para ipakita ang pinakamabuting gawi sa industriya at sumunod sa Health and Safety at Work Act (2015). Ang iyong taga-empleyo ay kailangang magbigay ng sapat na mga pamamaraan at patakaran para sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho, at dapat ipaalam ang mga ito sa iyo.

# Mga pag-withdraw, paglipat at pagsasauli ng bayad

### Paghinto

Maaari kang tumigil sa programa kung nagbago ang iyong personal na kalagayan. Mangyaring sabihin sa iyong Tagapayo sa Pagsasanay ang iyong mga dahilan. Maaari ka naming matulungan upang maipagpatuloy mo ang pagsasanay o maisantabi muna ito.

### Paglipat

Maaaring irekomenda ng iyong Tagapayo sa Pagsasanay ang paglipat sa ibang programa. Maaaring ilipat rin ang ibinayad sa programang pinayagang lipatan.

### Pagsasauli ng bayad

Kapag huminto sa loob ng unang 60 na araw ng iyong programa, isasauli ang pera sa taong nagbayad ng invoice:

- Nakabayad sa loob ng 30 mula sa petsa na nakasaad sa invoice: 100%, kakaltasin ang $50 na gastos sa pangangasiwa at halaga ng mga materyales (kung mayroon man).
- Nakabayad sa loob ng 31 at 60 mula sa petsa na nakasaad sa invoice: 50%, kakaltasin ang $50 na gastos sa pangangasiwa at halaga ng mga materyales (kung mayroon man)
- Mahigit sa 60 araw mula sa petsa na nakasaad sa invoice: walang isasauling pera.

Ang Primary ITO ay may karapatang ikansela ang mga programa mula sa mga alok. Kung mangyari ito, kaagad nilang ipapaalam sa iyo at ang ibinayad ay isasauli nang buo, o ililipat sa ibang programa.

# Karagdagang tulong

Ang pahinang ito ay hindi kulay puti.

May mga taong nahihirapang bumasa ng itim na teksto sa puting pahina. Kung isa ka sa mga taong ito, kausapin ang iyong Tagapayo sa Pagsasanay upang ma-imprenta namin ang mga materyal base sa kulay ng pahina na pinili mo.

Kung nahihirapan kang bumasa, magbaybay, sumulat, o kumalkula sa matematika – ipaalam sa amin.

Nais ka naming magtagumpay kaya't mahalaga sa amin na maisaayos ka. Matutulungan ka namin sa iyong tatahaking pagsasanay. Maaari naming suportahan ang iyong pagsasanay sa pamamagitan ng isa-sa-isang pagtuturo, mga study group, at suporta kung naiiba ang paraan ng pagkatuto mo gaya ng dyslexia (kondisyong hirap bumasa at makita ang kaibhan ng bawat letra).

# Mga magtuturo

Ang aming tagapagturo ay mga tao sa komunidad na may malasakit at kaalaman sa industriya, at nais na magtagumpay ka sa iyong trabaho. Makikipagtulungan sila sa iyo upang masagutan mo ang mga nakasulat na gawain.

# Dyslexia

Bilang suporta sa mga may kondisyong dyslexia, libre ang pagsusuri upang matasa kung saang aspeto kailangan ang tulong. Matutulungan ka naming makakuha ng teknolohiya at maging payo rin sa "apps" na makatutulong sa iyo sa pagbasa at pagsulat na aspeto ng pagsasanay, gayundin sa pang araw-araw na pamumuhay. Ang malaman mong ikaw ay may dyslexia at may mga tulong para dito ay nakapagpapalakas ng loob.

# Pagtatasa ng kaalaman sa pagbasa at pagsulat

Kung hindi mo pa nakumpleto ang pagtatasa ng kaalaman sa pagbasa, pagsulat at mga numero, maaaring ipagawa namin ito sa iyo. Ito ay para mabigyan ka ng maagap na tulong kung kinakailangan sa iyong pagsasanay. Malamang na matanggap mo ang pagtatasa na ito sa email.







# Mga tungkulin

### Ang iyong taga-empleyo/superbisor ang magtuturo sa iyo

Karamihan sa iyong pagsasanay ay isasagawa sa lugar ng trabaho. Ang iyong taga-empleyo o superbisor ay magpapaliwanag at ipapakita ang mga kinakailangang kakayahan, titiyakin na ang iyong trabaho ay ayon sa pamantayan, at maging eksperto ka sa mga kailangang kakayahan para makumpleto ang iyong programa ng pagsasanay.

Ang pagsasanay sa industriya ay tutok sa praktikal na aspeto na may kasamang pag-aaral upang patatagin pa ito. Ang ilan sa mga programa ay mayroong set ng mga katunayan na kailangan mong tapusin. Mayroon ring mga papel ng gawain o mga materyal ng pagtatasa na kailangan mong kumpletuhin para sa iyong programa.

### Ang iyong taga-empleyo/superbisor ang siyang magpapatunay

Ang iyong taga-empleyo/superbisor ang siyang magpapatunay sa iyong kakayahan sa trabaho. Ibig sabihin nito, sita ay tutulong sa pagtatasa ang iyong mga kakayahan at pag-aasal. Maaari kang tanungin o obserbahan sa paggawa ng partikular na mga gawain sa trabaho, at i-ugnay ang mga gawaing ito sa mga kahilingan ng programa.

Ang iyong taga-empleyo/superbisor ay makikipagtulungan sa Pangunahing Tagapagtasa ng ITO (Primary ITO Assessor) upang siguraduhing tama ang alam nila sa iyong mga kakayahan at pag-aasal sa isang yugto ng panahon. Ang mga tagatasa ay wala sa tabi mo sa maghapon mong pagtatrabaho kung kaya't mahalagang maaasahan nila ang mga taong magpapatunay sa iyo.



# Pagtatasa

### Pagtatasa habang nasa trabaho

Ang Tagatasa ang pinakahuling magpapasya kung na-kumpleto mo nang mahusay ang pagtatasa. Malapit silang makikipagtulungan sa iyong tagapagpatunay upang planuhin kung paano gagana ang proseso ng pagtatasa (sino, ano, saan, kailan) at ang kalidad, uri at dami ng katunayang kinakailangan para sa pagtatasa. Ang iyong Tagasuri habang nasa trabaho ay ang Tagapayo sa Pagsasanay mula sa Primary ITO, o isang espesyalista sa paksa na nakarehistro sa Primary ITO upang magsagawa ng mga pagtatasa.

### Pagsasanay at pagtatasa sa labas ng trabaho

Karamihan sa mga programa ay ginagawa sa labas ng trabaho. Maaaring ito ay pang-araw o pang-gabing mga klase, mga kaganapan o seminar na pang industriya.

Kung may pagtatasa sa labas ng trabaho ang iyong programa, ito ay isasagawa ng mga provider ng edukasyon. Ang kanilang mga paraan ng pagtatasa ay magkaka-iba, depende sa pangunahing industriya at ng programa; at maaaring kasama dito ang mga gawaing pasulat at pasalita, mga demonstrasyon, mga palihan (workshops) at mga presentasyon.

Pakitandaan: ang iyong mga workbuk o halimbawa sa pinagtratrabahuhan na gamit sa mga sesyon ng pagsasanay ay gagamitin lamang para sa pagkatuto at pagtatasa. Ang mga pagtatasa ay maaaring gamitin ng provider para sa mga layuning pagtuturo nang hanggang dalawang tayo bago itapon nang maayos.

### Walang pandaraya sa pag-aaral

Ang trabahong ibibigay mo para sa pagtatasa ay dapat sarili mong gawa at hindi kinopya sa libro, website, sanggunian sa pag-aaral (study guide), o mula sa trabaho ng ibang nagsasanay.


BARK

# Pangangalap at paggamit ng mga datos

### Pangangalap

Ang Primary ITO ay mangangalap at magtatabi ng mga impormasyon mula sa Kasunduan sa Pagsasanay, na naaayon sa Privacy Act 1993 at ang Education Act 1989.

### Pagbabahagi ng mga datos

Ang impormasyong nakalap sa Kasunduan sa Pagsasanay ay isisiwalat sa mga ahensya ng gobyerno at mga panlabas na organisasyon gaya ng:

- TEC para sa layong pang-estadistika at pag-uulat
- NZQA para sa pagtatala ng mga nakamit
- Ministry of Education para sa National Student Index
- Immigration NZ para sa database ng Visa View
- Mga lupon ng industriya para sa mga layuning pang-estadistika at pag-uulat
- Mga kompanyang nagsasagawa ng pananaliksik na kumakatawan sa Primary ITO.

### Pangangalaga

Nasa ligtas na pagtatago ng Primary ITO ang iyong personal na datos sa sistema ng pangangasiwa ng nagsasanay; kasama rito ang programa ng iyong sinalihan, listahan ng mga binayaran at mga resulta ng pagtatasa.

### Mga Resulta

Ibabahagi ng Primary ITO sa iyong pinagtratrabahuhan ang mga resulta ng pagtatasa at impormasyon tungkol sa iyong progreso.

### Pagpapalaganap

Ang iyong mga personal na detalye ay maaaring ilathala sa iba’t ibang babasahin upang ipagdiwang ang pagtatapos o iba pang mga tagumpay na nakamit.

# Pagtatasa ng kaalaman sa pagbasa, pagsulat at pagbilang

Ang impormasyon mula sa the Literacy and Numeracy for Adults Assessment Tool (LNAAT) ay isisiwalat lang at/o gagamitin para makatulong sa iyo at sa iyong taga-empleyo, base sa pangangailangan ayon sa Primary ITO.

# Trabaho ng nagsasanay

Ang mga koleksiyon ng katibayan, workbuk, litrato ng iyong pinagtatrabahuhan at iba pang trabaho o katunayang ibinigay para sa pagtatasa ay gagamitin lang sa pagsusuri at sa tungkuling tagapamagitan.

Ang mga sampol ng trabaho ng nagsasanay ay itatabi ng ITO para sa mga layunin ng pamamagitan nang hanggang limang taon bago tuluyang itapon nang ligtas.

# Ang aming mga kwalipikasyon

Ang Primary ITO ay nagtatakda ng mga pamantayan sa pagsasanay sa mga pangunahing industriya – mula sa agrikultura at paghahalaman hanggang sa mga may kinalaman sa kabayo, pagkaing-dagat, mga lugar na pang-isport at pagproproseso ng pagkain. Ang aming mga programa sa pagsasanay ay binuo kasama ang mga kinatawan ng industriya na tinatawag na Industry Partner Groups (IPGs). Ang mga programang ito ay hahantong sa pagkakamit ng mga kwalipikasyong inaprubahan ng NZQA.

# Ang aming pangkat

Ang mga tauhan ng Primary ITO ay narito upang palakasin ang iyong loob at magbigay-suporta habang ikaw ay nagsasanay.Samantalahin mo ang pagkakataong ito. Nakatutok ang aming pangkat sa pagkamit mo ng iyong hangarin na makumpleto ang iyong kwalipikasyon.

# Paano magbigay ng feedback

**Ano ang masasabi mo sa iyong mga materyal sa pagsasanay (mga gabay sa katibayan, mga gabay ng nag-aaral, mga pagtatasa)**

Kung mayroon kang mga mungkahing alam mong makatutulong, huwag mag-atubiling mag email sa amin sa: product@primaryito.ac.nz

**Para sa iyong reaksiyon sa iyong karanasan sa pagsasanay:**

info@primaryito.ac.nz

# Mga isyu o reklamo

Kung mayroon kang reklamo o pinag-aalala sa iyong pagsasanay, mangyaring kausapin kaagad ang iyong Tagapayo sa Pagsasanay. Kung siya ay wala o hindi siya ang angkop na kausapin, tawagan ang “Field Delivery Manager” sa numero ng Primary ITO: 0800 20 80 20.

Sisiguraduhin ng Primary ITO na ang mga reklamo ay malulutas sa patas, simple, mabilis, at mabisang paraan.

Lahat ng mga nakasulat na reklamo ay nakatala sa Rehistro, pati na ang personal na impormasyon na ayon sa mga karapatan na nakasaad sa Privacy Act 1933 (gaya ng karapatan mong makita o itama ang personal na impormasyon).

**Pambansang Tanggapan:** Level 2, 15 Walter Street, Te Aro, Wellington 6011
**Postal Address:** PO Box 10 383, The Terrace, Wellington 6143
Libreng-tawag 0800 20 80 20 Telepono (04) 801 9616 Fax (04) 801 9626
Email info@primaryito.ac.nz **www.primaryito.ac.nz**

PrimaryITO
Rōpū Whakangungu Ahuwhenua Ahumahi

25 February 2022 v1.1

Pan615P01